Mabini Review
Volume XVI, No. 1, 2026

Polytechnic University of the Philippines




[Submit to this journal](#)

[Other related articles](#)

Announcements

[Other PUP Journals](#)

Other citation formats:

APA MLA

# *Danton Remoto's Text as a Counter-Discourse Against Homophobic Consciousness*

# Teksto ni Danton Remoto bilang Kontra-Diskurso Laban sa Homopobikong Kamalayan

Marielle C. Gidalanga
Far Eastern University-Manila
mgidalanga@feu.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/6kj80b17

Copyeditor: GERLIE C. OGATIS

## Article History:

| | |
|---|---|
| Received: | August 20, 2025 |
| Accepted: | December 10, 2025 |
| Revised: | January 2, 2026 |

## How to Cite this paper:

Gidalanga, Marielle C. "Teksto ni Danton Remoto bilang Kontra-Diskurso Laban sa Homopobikong Kamalayan." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 201–222. https://doi.org/10.70922/6kj80b17.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

# *Danton Remoto's Text as a Counter-Discourse Against Homophobic Consciousness*

# Teksto ni Danton Remoto bilang Kontra-Diskurso Laban sa Homopobikong Kamalayan

Marielle C. Gidalanga
Far Eastern University-Manila
mgidalanga@feu.edu.ph

## Abstract

Danton Remoto is known as one of the prominent writers who greatly contributed to Philippine gay literature. His texts may be considered as effective instruments for challenging and dismantling repressive homophobic consciousness that has been deeply rooted in our culture and society. Thus, selected texts by Remoto were examined as gay literature and as counter-discourse that presents metanarratives vis-à-vis the condemnation of prevailing homophobic consciousness in the Philippines. Using thematic and close reading approach in 16 selected essays from his three collections – Buhay Bading (2004), Rampa: Mga Sanaysay (2008) and Bright, Catholic, and – Gay (2011), four counter-discursive strategies were identified: 1) Hegemonic Oppressive Homophobic Ideology; 2) Humanization, and Strategy of Subverting Dominant Narratives; 3) Social Function and Competencies of Gays in Various Field; and 4) Reconceptualization of Gay Identity. This essay contributes to the expanding discourse on gay literature within cultural studies, queer studies, and Philippine Studies.

Keywords: *gay, Danton Remoto, homophobic, counter-discourse, gay literature*

## Abstrak

Kilala si Danton Remoto bilang isa sa mga tanyag na manunulat na may malaking ambag sa larang ng panitikang bakla sa Pilipinas. Maituturing ang kanyang mga teksto bilang mabisang kasangkapan upang hamunin, baligtarin, at buwagin ang mapanupil na homopobikong kamalayan na malalim nang naka-ugat sa ating kultura at lipunan. Sa papel na ito, dinalumat ang mga piling teksto ni Remoto bilang panitikang bakla at anyo ng kontra-diskurso na naglalahad ng mga metanaratibo hinggil sa pagkondena sa umiiral


© 2026 Gidalanga, M.C. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

na homopobikong kamalayan sa Pilipinas. Sa tematikong dulog at malapitang pagbasa sa piling 16 teksto mula sa tatlong kalipunan ng sanaysay – Buhay Bading (2004), Rampa: Mga Sanaysay (2008) at Bright, Catholic, and – Gay (2011) natukoy ang kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto sa pagkondena sa homopobikong kamalayan: 1) Hegemonya ng Mapanupil na Homopobikong Ideolohiya; 2) Humanisasyon at Estratehiya ng Pagbaligtad sa Dominanteng Naratibo; 3) Panlipunang Gampanin at Kakayahan ng mga Bakla sa Iba't Ibang Larangan; at 4) Rekonseptwalisasyon sa Identidad ng mga Bakla. Makabuluhan ang kontribusyon ng sanaysay na ito sa lumalawak na diskurso ng panitikang bakla sa larangan ng araling pangkultura, araling queer at, sa Araling Filipino.

Mga Susing salita: *bakla, Danton Remoto, homopobiko, kontra-diskurso, panitikang bakla*

## PANIMULA

Bunga ng matagal na pagiging marhinalisado ng bakla sa patriyarkal na lipunan ang pag-iral ng heterosentrikong kamalayan na nagluwal sa homopobya. Nagtutulak ito sa pagtaguyod ng karapatan at pribilehiyo ng mga heterosekswal[1] at sa pagbalewala sa presensya ng bakla sa lipunan. Sa ganitong konteksto, nagsisilbing mahalagang hakbangin ang gay liberation sa pagwasak sa homopobya at sa hegemonya ng kulturang macho, heteronormatibidad, at patriyarkal na kamalayan[2]. Dahil sa baklang liberasyon (gay liberation), napalawig ang araling pambakla (gay studies) at ang panitikang bakla na siyang tuon ng papel na ito.

Huling dekada ng ikadalawampung siglo nang magsimulang umusbong at mamukadkad ang panitikan at araling pambakla sa Pilipinas[3]. Isinusulat ang panitikang bakla para sa kapakanan at pangangailangan ng bakla na makakalas sa gapos ng kasarian at tinitiyak kung mayroon bang binubuwag o mayroong pinagtitibay na ideyang taliwas sa tunguhin ng pagpapalaya sa pamamagitan

---

1 Rommel Rodriguez, "Lampas sa Pita ng Laman: Mga Imahe at Talinhaga tungo sa Kamalayan at Kritisismong Bakla," sa *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, ed. Eugene Y. Evasco et al. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2003), 162.

2 J. Neil C. Garcia, *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM,* 2nd ed. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008).

3 Feorillo A. Demeterio III, "Ang Nobelang *Si Amapola sa 65 na Kabanata* ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manileño Laban sa Homopobikong Kamalayang Pilipino," *Malay* 25, no. 2 (2013): 75–92.

ng pagsulat[4]. At dahil sa sinulat ito ng bakla, maipapalagay na maituwid nito ang mga balikukong ideya dulot ng representasyon at maisusulong ang mga ipinaglalaban ng dehadong kasarian[5].

Itinuturing ang panitikang bakla bilang tekstong mapagpalaya sapagkat nakapaloob mismo ang makata sa isang grupo na nakararanas ng pagkastigo at pagkondena ng dikta at sermong panlipunan[6]. Itinatala rin sa sanaysay ang mahabang tradisyon ng pagsulat o pagsasatinig ng mga personal na alaala ng kabaklaan[7]. Isinusulat ito para sa kapakanan at pangangailangan ng bakla na makakalas sa gapos ng kasarian at tinitiyak kung mayroon bang binubuwag o mayroong pinagtitibay na ideyang taliwas sa tunguhin ng pagpapalaya sa pamamagitan ng pagsulat[8].

Sa kulturang bakla sa Pilipinas, isa si Danton Remoto sa mga tanyag na baklang manunulat at pangunahing personalidad sa likod ng pag-usbong ng panitikang pambakla[9] at maituturing na isa sa haligi nito. Nakapaglathala siya ng maraming teksto hinggil sa samut saring danas ng mga bakla. Nagsimula siyang magsulat, at magsapubliko ng mga naratibo, sanaysay, tula, at nobela hinggil sa bakla mula pa noong 1994. Maituturing ang kanyang mga teksto bilang tala na nagsadokyumentaryo ng reyalidad ng buhay at danas ng mga bakla lalo na noong panahong papausbong pa lamang ang panitikang bakla. Kaya tampok sa papel na ito ang pagsusuri sa piling mga teksto ni Remoto sa lente ng panitikang bakla at diskursong LGBTQIA+ upang mailahad kung paano ito naging instrumento sa pagpapalaya at paghamon sa tuwirang pagkondena sa diskriminasyon at homopobya sa lipunang Pilipino.

Dinalumat ang saysay ng panitikang bakla bilang instrumento sa mapaniil na suliranin sa sekswalidad. Naipapakita kung paanong ang panitikan ay nagiging mabisang kasangkapan upang hamunin, baligtarin, at buwagin ang mapanupil na homopobikong kamalayan na malalim nang naka-ugat

---

4 Eugene Y. Evasco, "Pagkaligalig ng Musa sa Paglaladlad ng Kapa: Giya sa Pag-aligwas sa Panulaan ng Bakla sa Filipino," sa *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, ed. Eugene Y. Evasco et al. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2003), 94.

5 Ibid.

6 Ibid.

7 John Leimar Toledo, "Manong, hindi lang kami puro titi": Ilang Tala sa mga Mananaysay Tungkol sa Karanasang Bakla sa Panitikang Filipino at Ingles," *Diliman Gender Review* (2019): 104–130.

8 Evasco, "Pagkaligalig ng Musa," 94.

9 Ronald Baytan, *Desire and Dissidence: Homosexuality and Four Filipino Poets* (Master's thesis, De La Salle University, 1996).

sa ating kultura at kasaysayan. Magsisilbing ambag ang sanaysay na ito sa pagpapalawak ng pananaw ng mga iskolar, guro, mag-aaral, at mambabasa hinggil sa papel ng panitikang bakla bilang kontra-diskurso laban sa heteronormatibong ideolohiya. Sinipat din ang panitikang bakla bilang akdang naglalahad ng lantad na pagtutol sa pag-iral ng mga isyung pangsekswalidad tungo sa pagpapalakas, pag-angkin, at rekonstruksyon ng identidad ng bakla. Buhat sa paghihimay ng mga kaisipan at diskurso ni Remoto at sa pamamagitan ng tematikong dulog, nakabuo ng apat na kontra-diskursibong estratehiya ng manunulat na tuwirang kumokondena sa mapaniil na ideolohiya ng homopobya.

Sa kabuuan, tinangkang tugunan ng pag-aaral ang pangunahing suliranin na: Paano nagsisilbing kontra-diskurso laban sa homopobikong kamalayan sa lipunang Pilipino ang mga piling sanaysay ni Danton Remoto? Kasama ang mga karatig na suliranin na: 1) Ano-ano ang mga kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto na makikita mula sa kanyang mga teksto upang hamunin ang homopobya?; at 2) Paano nakatutulong ang mga teksto ni Remoto sa humanisasyon at rekonstruksyon ng identidad ng mga bakla?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay gumamit ng kwalitatibong metodolohiya na nakaangkla sa tekstwal na pagsusuri, malapitang pagbabasa, at tematikong dulog. Isinagawa ang malapitang pagbasa at pagsusuri sa 16 piling sanaysay ni Danton Remoto mula sa tatlong aklat na nagsilbing pangunahing korpus ng papel: Buhay Bading (2004), Rampa: Mga Sanaysay (2008) at Bright, Catholic and – Gay (2011). Pinagtuunan ng analisis ang paghihimay sa mga lumulutang na tema, kaisipan, at ideolohiya na maituturing na estilo at kontra-diskursibong estratehiya ng manunulat sa kanyang tuwirang pagkondena sa diskriminasyon at istiryotipo sa mga bakla na bitbit ng homopobikong kamalayan.

Pinili ang 16 sanaysay batay sa mga sumusunod na pamantayan: 1) tumatalakay sa pagtuligsa sa homopobya, heteronormatibo, at diskriminasyon ng bakla; 2) may potensyal na maging representasyon ng kontra-diskurso laban sa homopobya; at 3) naglalaman ng tuwirang pagtalakay sa rekonseptwalisasyon ng identidad ng bakla. Bagaman nagsusulat din si Remoto ng tula at nobela, piniling pagtuunan ng pansin ang pagsusuri sa kanyang mga sanaysay na tuwirang naglalahad ng mga danas at naratibong buhay, na mainam pagkunan ng datos upang madalumat ang kanyang kontra-diskursibong pananaw at estratehiya laban sa mga suliraning pangsekswalidad tulad ng homopobya.

Sumailalim ang pag-aaral batay sa paghahanay ng mga ideya, prinsipyo, at adbokasiya ni Remoto na tuligsain ang homopobya. Dinalumat ito batay sa mga kritikal na diskurso sa panitikang bakla, araling pambakla sa Pilipinas at

sa ibang bansa, at maging ang ideolohiya ng praksis ni Paulo Freire. Mula sa analitikal na pagsusuri ng mga sanaysay, itinala ang mga pangunahing tema, kaisipan at pahayag na may tuwirang ugnayan sa adbokasiya ng manunulat at sa gampanin nito bilang baklang panitikan. Ginamit din ang kontra-basa bilang dulog sa pagsusuri na nakatulong sa pagsisiyasat sa mga nilalaman ng sanaysay upang maging mapanuri sa mga representasyon ng bakla, mga istiryotipo sa sekswalidad at kasarian, lalo na sa panganib ng labis na pagroromantisa sa proseso ng pag-aanalisa. Pagkaraan, sumailalim sa pagkakategorya ang mga paulit-ulit na temang lumitaw at pinagsama ang mga magkakaugnay. Gamit ang tematikong analisis, nabuo ang apat na itinuturing na kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto: 1) Hegemonya ng Mapanupil na Homopobikong Ideolohiya; 2) Humanisasyon at Estratehiya ng Pagbaligtad sa Dominanteng Naratibo; 3) Panlipunang Gampanin at Kakayahan ng mga Bakla sa Iba't Ibang Larangan; at 4) Rekonseptwalisasyon sa Identidad ng mga Bakla.

## Kaugnay na Pag-aaral

### *Panitikang Bakla sa Pilipinas*

Bahagi ng baklang liberasyon ang paggamit ng panitikan bilang instrumento sa pagsasalaysay ng tamis at hinagpis na danas ng mga bahagi ng LGBTQIA+ hindi lamang para ilantad ang kanilang buhay kung hindi para pumuna ng balikong pananaw sa sekswalidad at kasarian, at makapangmulat. Makikita sa akda ni Evasco ang pamantayan ni Nicanor Tiongson sa panitikang bakla na may punto-de-bista ng isang baklang liberasyonista. Aniya, maituturing na panitikang bakla ang isang akda kapag naglalarawan ng pagbabakla sa paraang walang bahid ng romantesismo o ideyalismo; at tumatanggap sa pagkabakla bilang isa lamang kondisyon o given na pagiging tao tulad ng pagiging babae, lalaki, heterosekswal, maganda, pangit, malusog, sakitin, mayaman, mahirap, pilay, bulag[10]. At dagdag pa niya, dahil sa sinulat ito ng bakla, maipapalagay na maituwid nito ang mga balikukong ideya dulot ng representasyon at maisusulong ang mga ipinaglalaban ng dehadong kasarian[11].

Nais ko ring bigyan ng pagpapakahulugan ang panitikang bakla bilang mga akdang nagsasalaysay ng mga danas, damdamin, at naratibo ng buhay ng mga bakla sa anumang genre o estruktura. Sisidlan ang panitikang bakla ng mga kwentong hayag at hindi hayag sa karaniwan at hindi karaniwang tagpo ng buhay na may kinalaman sa sekswalisasyon bilang natural na daynamikong nararanasan ng mga tao. Laman nito ang mga malalayang tinig ng mga manunulat na mailahad nang pasulat na marahil, hindi nasasambit nang hayagan sa pasalita

10 Evasco, "Pagkaligalig ng Musa," 94.

11 Ibid.

dahil sa mga balakid na naranasan o iniiwasang maranasan. Nagsisilbing talaan at pagsasadokyumentaryo ito ng mga kwento ng paglaladlad, transpormasyon, coming of age, buhay pag-ibig, ligalig, kasawian, pagsasapraktika ng identidad, seks, politika ng kasarian at katawan, gampanin ng LGBTQIA+ sa lipunan, hanggang sa usapin ng pagtanda ng mga bakla. Isa sa pangunahing gampanin ng panitikang bakla ay ang magsilbing repleksyon at representasyon ng estado, identidad, at danas ng mga homosekswal na patunay sa pag-iral ng mas lumalawak na espasyong bakla sa pahina ng kasaysayan, kultura, at panitikan ng Pilipinas.

Binanggit ni Marvin Manalansan ang ilang mga baklang intelektuwal tulad nina Tony Perez, Jomar Fleras, Michael L. Tan at J. Neil Garcia na pawang mga sumulat ng mga babasahin hinggil sa pagpapalaganap ng mga artikulo sa pagwasak ng istiryotipo hinggil sa mga bakla, mga malikhaing sulatin na naglalaman ng karanasan ng mga baklang Pilipino at mga pag-aaral hinggil sa homosekswalidad sa Pilipinas[12]. Paliwanag ni Thomas Yingling na sipi mula sa panulat ni Jeffrey Escoffier na ang mga baklang manunulat ay hindi lamang tinitingnan ang panitikang bakla bilang paraan ng personal na pagpapahayag bagkus madalas na tinuturing ito bilang isang anyo ng pagkokoda[13] na sila lamang ang nakakaunawa o marahil ng mga sensitibong mambabasa at kritiko. Dagdag pa ni Manalansan, ang mga iskolar at aktibistang bakla na sumusulat tungkol sa identidad ng bakla ay gumagamit ng mga konteksto ng kulturang Pilipino na itinuturing nilang katutubo[14]. Ginagamit ng mga manunulat ang sarili o katutubong pananaw, kaisipan, at paniniwala na mas malapit sa karanasan at kasaysayan ng mga Pilipinong bakla sa pagsasalaysay ng identidad ng bakla.

Punlaan din ang panitikang bakla maging panitikang pambata upang mamulat ang mga tao pati ang kabataan sa usapin ng kasarian at sekswalidad. At tulad nga ng sabi ni Genaro R. Gojo Cruz, taglay ng panitikang pambata, partikular ang kuwento, ang kabisaan upang maimulat ang mga bata sa tamang pagtingin o pagtanaw sa kasarian o gender roles[15]. Dahil dito, sa mahabang kasaysayan ng mga usaping sekswalidad sa Pilipinas, malaki ang gampanin ng panitikan sa pagsasalaysay, pagmulat at pagkondena sa marhinalisadong kalagayan ng mga bakla at lesbyana, lalo na sa homopobikong kamalayan.

12 Martin F. Manalansan IV, *Global Divas Philippine Edition: Filipino Gay Men in the Diaspora* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006), 40.

13 Jeffrey Escoffier, *Gay and Lesbian Studies* (New York: Haworth Press, 1992).

14 Manalansan, *Global Divas Philippine Edition*, 40.

15 Sinipi ni John Paolo Sarce, "Ang Queer Literacy Framework: Isang Pagsusuri sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata Gamit ang 'Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin' at 'Ang Ikaklit sa Aming Hardin,'" *Malay* 34 (2022): 52–68.

Sa pagdalumat ng literatura, matutunghayan ang layunin nitong mambatikos, manlaban, at magpalaya tulad ng mga panitikang bakla.

### *Mekanismo ng Homopobya sa Bansa*

Nakatala sa kasaysayan ng Pilipinas ang homopobikong kamalayan na dala na rin ng pagiging macho ng lipunan na marahil mula pa sa kanluraning konsepto. Ani Demeterio, matagal nang nakaugat ang homopobikong kamalayan ng mga Pilipino dahil na rin sa pagkakasakop sa atin ng kolonyalismong Espanyol at Amerikano na kung saan mas namayani ang patriyarkal na lipunan[16]. Sa pag-iral ng patriyarkal na estruktura ng lipunan, nalilikha ang pamantayang pangkasarian na nagbubunsod ng pagbabago sa pagtingin at pagturing sa mga bakla. Kaya, sumusulpot ang iba't ibang suliraning may kinalaman sa relasyong pangkapangyarihan[17].

Nailuluwal ang pagiging heterosentrikong ideolohiya ng kultura ayon na rin sa dikta ng patriyarkal na lipunan at tanging itinataguyod lamang na karapatan at pribilehiyo ng mga itinuturing ang kanilang kasarian bilang heterosekswal[18]. Bunga ng kamalayang hetenormatibo ang pag-iral ng relasyon ng kapangyarihan sa kasarian na nagdudulot ng pagsasantabi at diskriminasyon sa mga bakla. Kaya bukod sa patriyarkal, isa sa isyung kinahaharap ng mga bakla ang pakikibaka sa espasyo na bunga ng pagbubukod ng mga heterosekswal sa homosekswal dahil sa umiiral na heterosentrikong pananaw ng karamihan. Patunay ito na ang hegemonya ng ating homopobikong kamalayan ay pinapanatili at nilikha muli (*replicate/reproduce)* sa pamamagitan ng diskurso at gawain (*practices*)[19].

Isa rin sa maituturing na sanhi ng pangunahing pwersa na nagtutulak sa paghihiwalay ng mga bakla mula sa normalisasyon ay ang matinding kamalayan sa homopobya[20]. Pinaliwanag ni Garcia sa kanyang aklat na *Philippine Gay Culture* na ang homopobya bilang kamalayang bunga ng panlipunang aspekto upang kamuhian at usigin ang mga bakla at tomboy

16 Demeterio, "Ang Nobelang *Si Amapola*," 76.

17 Rommel Rodriguez, "Lampas sa Pita ng Laman: Mga Imahe at Talinhaga tungo sa Kamalayan at Kritisismong Bakla," sa *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, ed. Eugene Y. Evasco et al. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2003), 161.

18 Ibid., 162.

19 Demeterio, "Ang Nobelang *Si Amapola*," 76.

20 Marielle C. Gidalanga, *Baklang Intelektuwal: Pagdalumat sa Buhay, Praksis at Teksto ni Danton Remoto* (Master's Thesis, De La Salle University, 2019)

dahil sa kanilang parehong pansekswal na oryentasyon[21]. Nilikha ng lipunan ang homopobya; kinamumuhian at isinasantabi ang mga ang mga bakla at lesbiyana dahil sa oryentasyon sa sekswalidad na mayroon sila[22]. Itinuturing ang homopobya bilang irasyonal na galit ng mga tao sa mga bakla[23]. At dahil dito, umusbong ang baklang liberasyon upang ipalaganap ang karapatan ng mga homosekswal, lumawak ang kanilang espasyo, at maitaguyod ang pagkilala sa kanila bilang bahagi ng lipunan. Naglalayong mawakasan ang patuloy na pag-iral ng homopobikong kamalayan na siyang emansipasyong hangad ng mga bakla. Sapagkat ang pagsasapraktika ng baklang liberasyon ay pagwasak sa homopobya na malawakang itinataas ang pagiging dominante ng kulturang macho, heteronormatibo o hetenormalisasyon at patriyarkal na kamalayan[24].

Kaugnay pa nito, politikal din ang pagsulat batay sa kasarian. Mariing sinabi ni Cixous na ang pag-iral ng patriyarkal at hegemonya sa kasarian ay nagbubunga ng eksklusyon sa larang ng pagsulat batay sa sekswalidad [25]. Tulad sa baklang panitikan, nagkakaroon ng limitasyon, hindi lamang sa bilang ng akda o aklat, ngunit maski sa kalayaan ng pagsulat at pagpapahayag, at pagkilala sa mga baklang manunulat bilang mga intelektuwal. Ang nararanasang opresyon ng kababaihan sa pagsulat na isinaad ni Cixous ay maihahambing din sa nararanasang pagsasantabi sa mga bakla sa parehong larangan na sanhi rin ng homopobya.

Pinaliwanag naman ni Sedgwick na dahil sa dinamiko ang kasarian, hindi maaaring limitahan sa isang tiyak na saklaw o ikulong sa loob ng iisang domeyn ang konsepto ng sekswalidad dahil patuloy na nagbabago ang diskurso nito[26]. Taliwas ito sa umiiral na homopobikong kamalayan. Tulad ng sinabi ni Quintos, ang mga bakla ay madalas na inuugnay sa kahalayan, karahasan, kakatuwa, talinghaga at pagiging kakaiba bilang imahen ng mga homosekswal sa modernong panahon[27]. Paliwanag naman ni Butler na ang kasarian ay may diwang performatibo, bunga ng isang regulasyon ng sistema ng pagkakaiba-

21 J. Neil C. Garcia, *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM,* 2nd ed. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 6.

22 Ibid.

23 Danton Remoto, *Rampa: Mga Sanaysay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 2008).

24 Garcia, *Philippine Gay Culture*, 7.

25 Hélène Cixous, "The Laugh of the Medusa," *Signs* 1, no. 4 (1976): 876, https://doi.org/10.1086/493306.

26 Eve Kosofsky Sedgwick, *Epistemology of the Closet*, updated with a new preface (Berkeley: University of California Press, 2024), 3.

27 Jay Jomar F. Quintos, *Sulyap sa Karanasan ng mga Asog: Isang Historikal na Pag-aaral sa Karanasang Homosekswal sa Pilipinas* (2012).

iba ng kasarian, kung saan ito ay hinahati at inuuri sang-ayon sa antas ng pamantayan o limitasyon[28], at madalas na nakaangkla sa historikal at kultural na aspekto ng lipunan, na may malaking epekto sa kamalayan ng mga tao. Sa ganang ito, patunay na umiiral ang de kahong pagtingin sa kabuuang konsepto ng kasarian at sekswalidad sa bansa. Kaya ang papel na ito ay isang paghahain na suriin ang mga teksto ni Remoto bilang instrumento sa diskursibong paglalayong mawaksi ang pagbubukod, diskriminasyon at mga kawing-kawing na suliranin sa sekswalidad.

### *Praksis at Intelektuwal na buhay ni Remoto*

Sa bahaging ito, mainam na talakayin nang pahapyaw ang praksis at intelektuwal na buhay ni Remoto. Ipinaliwanag ni Paulo Freire na ang praksis ay kumbinasyon ng pagninilay at paggawa hinggil sa isang pananaw upang mabago ito[29]. Nakaangkla ang konsepto ng praksis sa pagiging mulat ng taong nakaranas ng opresyon at kalaunan ay magiging malay at humahantong sa pagsasagawa o pagkilos upang mabago o mawakasan ang danas na kumakandili sa mga marhinalisadong tao. Dahilan din ito kung bakit ang teksto ni Remoto ang ginamit na batis sa pag-aaral. Mula sa kanyang danas hanggang sa kanyang pagkilos sa pamamagitan ng pagsulat at iba pang sosyo-politikal na gawain ay malinaw na indikasyon ng kanyang hangarin na makamulat, mabago, at magkaroon ng progreso ang marhinalisadong kalagayan ng mga bakla.

Sa tesis ni Baytan na pinamagatang *Desire and Dissidence: Homosexuality and Four Filipino Poets*, sa kulturang bakla sa Pilipinas, isa si Remoto sa mga naging tanyag na baklang manunulat sa bansa, kasama sina Neil Garcia, Nicholas Pichay at Camillo Villanueva[30]. Prominenteng manunulat, mamamahayag, kolumnista, at propesor sa Pilipinas si Remoto. Lalong maririnig din ang kanyang pangalan sa larangan ng panitikan. Higit na naging popular ang manunulat sa kanyang mga akdang pambakla na *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing* kasama si Neil Garcia. Bukod pa sa kanyang pagsulat, kilala rin si Remoto sa mga paglahok sa mga politikal at panlipunang pagkilos sa pagtataguyod ng karapatan ng mga LGBT bilang kasapi ng ilang mga organisasyon at higit sa lahat ang kanyang pagbuo ng politikal na partido na Ladlad Partylist.

Noong 1992, naging kasapi si Remoto ng organisasyong KATLO na layong ipakalat ang ideya ng gender sensitivity sa bansa. Kasapi rito ang mga bading na nagtatrabaho sa non-governmental organizations (NGOs), eskwelahan, teatro,

28 Judith Butler, "Critically Queer," in *Playing with Fire*, 11–29 (New York: Routledge, 2020).

29 Paulo Freire, *Pedagogy of the Oppressed* (New York: Seabury Press, 1970), 109.

30 Ronald Baytan, *Desire and Dissidence: Homosexuality and Four Filipino Poets* (Master's thesis, De La Salle University, 1996).

beauty parlors at korporasyon. Naging pinuno rin siya ng pambansang lesbian, gay, bisexual and transgender network na "Ang Lunduyan" – samahan ng mga LGBT na nagsusulong ng kanilang karapatan bilang bahagi ng lipunan. Kasapi rin siya ng LAGABLAB (Lesbian and Legislative Advocacy Network) at naging volunteer ng The Library Foundation. Aktibong nakikilahok din ang nasabing samahan sa mga pagtitipon at rally. Sa katunayan, dumalo sila sa kilos-protesta laban kay Dating Pangulong Joseph Estrada noong kasagsagan ng kanyang State of the Nation noong Hunyo, 2000[31].

Noong Setyembre 21, 2003, pinalitan ang pangalan ng samahan na "Ang Lunduyan" at nabuo ang bagong tawag sa organisasyon at kinilala na bilang "Ang Ladlad". Tulad ng tunguhin ng Lunduyan, pareho rin ang layon na isulong ang karapatan ng mga bakla at lesbyana. Itinatag niya ang politikal na partidong Ang Ladlad, kung saan sinabi ng CNN na ito ang kauna-unahang at kaisa-isang politikal na partidong pambakla sa buong mundo. Sa kanyang pagkakatatag sa samahan, tinawag siyang Chairman Emeritus ng nasabing partido.

Sa aklat ni Sanidad na *Liberation from Philippine Legal Homophobia and Compulsory Heterosexuality*, na nakapagparehistro Ang Ladlad bilang partido para sa eleksyon noong Mayo 2007[32]. Ngunit, hindi ito pinahintulutan ng COMELEC sapagkat tinawag ang lahat ng kasapi sa partidong ito na abnormal at imoral[33]. Mula noon naging makasaysayan ang pagsasantabi ng COMELEC sa karapatan ng LGBT upang magkaroon ng representasyon at kinatawan sa kongreso. Kung sakaling nagwagi ang partido ni Remoto, sinabi ni Neil Garcia na ito ang magsisilbing kauna-unahang politikal na partido ng mga LGBT sa buong mundo[34].

## RESULTA AT TALAKAYAN

### Apat na Kontra-diskursibong Estratehiya ni Remoto

Mula sa tatlong kalipunan ng sanaysay ni Remoto, narito ang 16 na piniling sanaysay na nagsilbing korpus ng papel:

---

31 Danton Remoto, *Rampa: Mga Sanaysay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 58–59.

32 Pablito V. Sanidad Sr., *Liberation from Philippine Legal Homophobia and Compulsory Heterosexuality? (From Foucault to Obergefell and beyond)*. (Quezon City: Central Book Supply Inc. 2016), 117.

33 Ibid.

34 J. Neil C. Garcia, *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM,* 2nd ed. (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), 430.

TALAHANAYAN 1. Mga Sanaysay ni Danton Remoto na Ginamit sa Pagsusuri

| Pamagat ng aklat na pinagmulan ng mga teksto | Mga sanaysay na sinuri |
|---|---|
| Buhay Bading (2004) | 1. Naiibang Pag-ibig |
| | 2. Mga Baklang Pulis |
| | 3. Homophobia |
| | 4. Media Circus |
| | 5. Romansa at Rebolusyon |
| Rampa: Mga Sanaysay (2008) | 6. Sex and the Single Gay |
| | 7. Uhaw sa Pagmamahal |
| | 8. Manila by Night |
| | 9. Mga Bulaklak kay Bernal |
| | 10. Ang mga Baklang Wala Rito |
| | 11. Narito na Kami |
| Bright, Catholic, and – Gay (2011) | 12. Bright, Catholic, and – Gay |
| | 13. From Solitude to Solidarity |
| | 14. Gay Readings |
| | 15. Mermaids of Memory |
| | 16. We are Family |

Hango sa tematikong pagsusuri at malapitang pagbasa, lumitaw ang apat na pangunahing kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto batay sa mga kaisipan na natutunton sa kanyang mga teksto: 1) *Hegemonya ng Mapanupil na Ideolohiya ng Homopobya,* na nagsiwalat ng mga anyo ng homopobya batay sa personal na danas at obserbasyon; 2) *Humanisasyon at Estratehiya ng Pagbaligtad sa Dominanteng Naratibo,* na naglalayong normalisahin ang identidad at karapatan ng bakla bilang bahagi ng lipunan; 3) *Panlipunang Gampanin at Kakayahan ng mga Bakla sa Iba't Ibang Larangan,* na nagtuturing sa kanila bilang intelektuwal at mahalagang bahagi ng lipunan; at 4) *Rekonseptwalisasyon sa Identidad ng mga Bakla,* na nagbubuwag sa mga istiryotipo at muling bumubuo ng positibong pagkakakilanlan ng mga bakla.

## Hegemonya ng Mapanupil na Homopobikong Ideolohiya

Maituturing na kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto ang tuwirang pagbunyag sa pag-iral ng homopobya bilang bunga ng kulturang machismo. Sinuri ko ito sa dalawang paraan: una, sa pamamagitang paglantad ng katotohanan ng homopobya bilang isang kamalayan na maaaring humubog sa pananaw ng mga Pilipino sa pagtanggap sa mga bakla; at ikalawa, ang pagmulat ni Remoto sa mga epekto ng homopobya na patuloy na nagpapalaganap ng istiryotipong representasyon ng mga bakla sa panitikan at lipunan.

Binigyang kahulugan ni Remoto ang terminong homopobya sa kanyang sanaysay na "Sex and the Single Gay" mula sa aklat na *Rampa*. Aniya may mga takot magladlad dahil na rin sa trauma na dulot ng homopobya na irasyonal na galit ng mga tao sa bading[35]. Dala rin ng nananaig na homopobya sa bansa ang madalas na nararanasan ng mga bakla ng diskriminasyon, panlalait, at maging ang pagbabansag ng duwag, may sakit at imoral.

Sa "Homophobia" mula sa aklat niyang *Buhay Bading,* itinampok naman ni Remoto ang ilang mga batang manunulat sa pananaw ng Simbahang Katolika sa usaping politikal at sekswalidad. Sabi niya, "…masyadong makitid, mali at ipokrito para sa ating mga Katoliko na ihiwalay ang mga lesbyana't bakla sa ating lipunan. Hindi ba't ang lipunang Kristyano ay nakabatay sa pagmamahal at pag-unawa sa lahat ng ibinigay ng Diyos sa atin? Bakit hindi natin sila tanggapin bilang bahagi ng humanity at hindi bilang mga 'aksidente' lamang ng kalikasan?"[36] Sinipi niya rin ang pahayag ng isang mag-aaral na mismong simbahan ay homopobiko na sila dapat ang unang nakauunawa ng kalagayan ng mga bakla at lesbyana at hindi sila ang manguna sa diskriminasyon ng mga LGBT.

Isinalaysay niya sa "Baklang Pulis" mula sa *Buhay Bading* ang naging usap-usapan sa midya tungkol sa mga pagpapatalsik sa mga baklang pulis. Nabanggit din na dapat ilipat ang mga baklang pulis sa *Women's Desk* upang maiwasan ang posibilidad na ma-inlove sila sa mga lalaking rapists na lalaki at posibleng pakawalan ang mga ito. Nang malaman ng alkade ng Quezon na noon ay si Mayor Mhel Mathay hinggil dito, sinabi niya na "Basta ginagawa nila nang mahusay ang kanilang mga trabaho, walang kaso 'yan sa akin." Sinabi rin ni NCR Command Chief Recaredo Sarmiento II, na wala naman talagang batas ang nagbabawal sa mga bakla sa pulisya. Habang sila ay walang bina-violate na batas ay mananatili sa police force ang mga bakla pulis[37]. Dagdag pa ni Remoto na dapat nang ipatigil nina Interior Secretary Rafael Alunan at Philippine National Police Chief Umberto Rodriguez and suhestyon na kailangang hanapin ang mga baklang pulis…dapat nilang ituon ang kanilang pansin sa mas importanteng bagay – tulad ng paghuli ng mga tunay na kriminal at manggagatso sa police force mismo, sila ma'y lalaki, babae, lesbyana o bakla[38]. Inilahad din dito ang paglagda ni Defense Secretary Orlando Mercado

35 Danton Remoto, "Sex and the Single Gay," sa *Rampa: Mga Sanaysay*. (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 9.

36 Danton Remoto, "Homophobia," sa *Buhay Bading* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 66.

37 Danton Remoto, "Baklang Pulis," sa *Buhay Bading* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 44.

38 Ibid., 45–46.

noong 1998 ng bagong Code of Conduct na nagbabawal sa diskriminasyon sa hiring at firing ng mga pulis batay sa kanilang oryentasyong sekswal. Sa pagsugpo ng kamalayang homopobiko sa bansa, sinabi pa ng manunulat na isang paraan upang madagdagan ang mga ganitong batas ay ang paglahok sa mga pangkat o organisasyon na nagsusulong sa pantay-pantay na karapatan ng mga lesbiyana at bakla[39].

Sa sanaysay niyang "Media Circus" mula sa *Buhay Bading*, aniya, 'tolerant' ang lipunan ngunit kung tolerant ang lipunan natin bakit mayroon pa ring mga *women's group* na humihingi ng tulong sa batas para sa pantay-pantay na pagtingin sa kanila? Dinugtungan pa niya ito ng bakit mayroong mga bakla pa rin na kloseta na hindi makapagladlad dahil mawawalan ng trabaho[40]. Isa sa epekto ng homopobya ay pagkakaroon ng implikasyon sa trabaho at propesyon ng mga bakla. Nagdudulot ito ng pangmamaliit, pagsasantabi, diskriminasyon, at hindi pantay na pagtrato na nagiging balakid sa kanilang katayuan sa propesyunal na larangan.

Sa bahaging ito, inilahad ni Remoto ang iba't ibang anyo ng homopobya sa bansa at ang maraming paraan ng pagtanggap at pananaw ng mga Pilipino sa usaping sekswalidad. Estratehiya rin ni Remoto ang pagbanggit ng mga heterosekswal na nagtatanggol sa mga homosekswal laban sa homopobya. Marahil, nais ipakita ng manunulat na ang pagsugpo sa kamalayang homopobiko ay di lamang laban ng mga homosekswal, bagkus laban din ng mga heterosekswal na lubos na nakauunawa sa malawak na ispektrum ng sekswalidad at kasarian.

## Humanisasyon at Estratehiya ng Pagbaligtad sa Dominanteng Naratibo

Ang proseso ng humanisasyon ay tumutukoy sa pagsasantabi sa mga bias at maling istiryotipo upang masilayan ng mga heterosekswal na mambabasa ang ganap na humanidad ng bakla at mulatin ang kanilang kamalayan[41]. Sa mga piling katha ni Remoto, tinuligsa niya ang mga negatibong representasyon ng bakla sa istiryotipikal na diskurso at dominanteng naratibo, na bunga ng malakas na impluwensya ng midya, upang itampok ang humanisadong pagtanggap at pag-unawa sa kanilang identidad.

Nilinaw pa ni Remoto na hindi humihingi ng *special treatment* ang mga bakla bagkus ay matamasa rin nila ang pantay na karapatan bilang bahagi ng

39 Ibid.

40 Danton Remoto, "Media Circus," sa *Buhay Bading* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 85.

41 Demeterio, "Ang Nobelang *Si Amapola*," 75–92.

lipunan. Binigyang diin niya na ang laban ng mga bakla ay hindi usapin ng pribilehiyo ngunit pagtataguyod ng karapatang pantao na ipinagkakaloob sa lahat, anuman ang sekswal na oryentasyon. Kung tutuusin, wala namang nakalagay sa batas na ang karapatang pantao ay eksklusibo para lamang sa mga heterosekswal.

Pinuna niya rin ang artikulo ni Maricel Endriga-Dizon ng Inquirer nang pagbintangan sila ni Neil Garcia, na isinabay nilang ilabas ang nabanggit na aklat sa pagtuturo ng *Gay Literature and Theory* sa U.P kahit pa magkaiba ang petsa ng dalawang pangyayari. Sinabi ni Garcia na "Anuman ang bagay na na-associate sa kabaklaan ay agad nilang pinagtatawanan, kaya kahit isang seryosong subject sa U.P. ay ginagawa nilang katawa-tawa…Bago natin pag-usapan ang gay rights at gay liberation, kailangan muna nating tanggapin ang mga bading bilang mga taong seryoso[42]." Indikasyon na dapat kilalanin ang mga bakla bilang mga taong seryoso, may integridad, at hindi lamang bilang espektakulo ng katatawanan.

Binigyang diin ni Remoto sa isa sa kanyang talumpati na "Narito na Kami" sa *Rampa: Mga Sanaysay*, ang kanyang pagtataguyod sa karapatan ng LGBT[43]. Ilan sa kanyang pananaw na isinusulong na mababasa sa sanaysay ang mga sumusunod:

1. Layong mawakasan ang diskriminasyon laban sa mga lesbyana't bakla, bisekswal at transgender na Pilipino.
2. Maaari na naming pasukin ang kahit anumang trabaho.
3. Hindi na kami matatanggal sa trabahong aming pinasukan.
4. Hindi na maipagkakait sa amin ang pribilehiyo, insentibo, promosyon sa trabaho.
5. Hindi na maaaring laitin sa sa mga paaralan, opisina, at opisinang pang-gobyerno.
6. Hindi na kami bibigyan ng second-class service sa mga establisimyento, at pagkakaitan ng mga lisensya at sertipiko o dokumentong pampubliko.

Dagdag pa ng manunulat na mamamayan din sila, nagbabayad ng karampatang buwis tulad ng mga heterosekswal. Ngunit, nilinaw rin ni Remoto na hindi sila humihingi ng natatanging pagtingin o pribelehiyo, bagkus ang pinaglalaban nila ang pantay na karapatan. Binanggit pa niya ang Bill of Rights ng 1987 Constitution na pantay-pantay ang proteksyong ibibigay sa lahat ng tao at pumirma ang Pilipinas sa ilang mga internasyunal na kasunduan na

42 Remoto, "Media Circus," 85.

43 Danton Remoto, "Narito na Kami," sa *Rampa: Mga Sanaysay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 60.

nagsasabing dapat irespeto ang karapatan ng lahat ng tao[44]. Hudyat ito na tuwirang pagtuligsa sa mga dominanteng naratibo na patuloy na nagtatakda sa mga bakla bilang biktima ng diskriminasyon at pagkait sa kanilang karapatang pantao.

Sa sanaysay na "Uhaw sa Pagmamahal" mula sa *Rampa: Mga Sanaysay*, itinampok ng manunulat ang pagwasak ng pelikulang *Last Full Show* sa istiryotipo sa mga bakla bilang mga taong sex lamang ang laman ng utak. Dagdag pa, "sinisira ng pelikula ang karaniwang paniniwala na lumalabas lamang tayo tuwing gabi para maghanap ng mabibiktima…na puro sarili lamang ang iniisip natin."[45] Winawasak din niya ang mga nakasanayang alegasyon sa mga bakla na hindi lamang sila pangkatawan o laman lamang. Mapapansin din ang pagdiin sa panghalip na ginamit ng manunulat–tayo at natin, bilang pag-angkin sa kanilang espasyo. At, tuwiran niyang pinahahayag na siya ay bahagi ng kanilang komunidad, na ano man ang negatibong tingin o imahe ng midya at lipunan sa mga bakla, siya ay kaisa nila.

Maituturing na kontra-diskurso ni Remoto ang pagbibigay diin sa kapangyarihan at gampanin ng midya sa negatibong representasyon ng bakla. Buhat sa mga siniping bahagi sa mga piling teksto, ginamit ito ni Remoto upang ilahad ang epekto ng istiryotipong representasyon ng bakla sa midya na malaki ang kinalaman sa paghuhulma ng imahe ng bakla sa midya. Dahil dito, mas napapalala ng midya ang homopobikong kamalayan sa dalas ng pagtatampok sa mga bakla bilang espektakulo ng katatawanan, pang-katawan o seks lamang, na makikita sa kalye at bar, at iba pa. Sa ganitong estratehiya, maituturing na diskursong sumasalungat ang kanyang mga akda upang wakasan na itanghal ang mga bakla bilang icon ng aliw, wala man masama sa ganitong ideya, ngunit batay sa suri, mas mainam na ipakilala rin ang mga bakla bilang mga taong may iba pang tungkulin sa lipunan.

## Panlipunang Gampanin at Kakayahan ng mga Bakla sa Iba't Ibang Larangan

Isa pang kontra-diskursibong paraan ni Remoto na mapapansin sa kanyang mga teksto ay ang pagtampok ng mga panlipunang gampanin ng mga bakla at pagpapatingkad sa kanilang kakayahan bilang mga intelektuwal sa iba't ibang larang. Ang pagtatanghal ng mga kasanayan at kahusayan ng mga bakla bilang estratehiya ay upang baligtarin ang mga istiryotipong ikinakabit sa mga bakla.

44 Remoto, "Narito na Kami," 61.

45 Danton Remoto, "Uhaw sa Pagmamahal," sa *Rampa: Mga Sanaysay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 18.

Sinimulan ni Remoto ang kanyang aklat na *Rampa* sa isang direktang paninindigan na bilang manunulat ay dapat makisangkot hindi lang sa usapin ng LGBT kundi sa mas malawak na usapin ng ating kalayaan laban sa kahirapan at pagmamalabis ng mga nasa kapangyarihan. Sa "Manila by Night", tampok ang pelikulang *Manila by Night* na dinerehe ng batikan si Ishamel Bernal na nagbigay entablado sa mga aktibong bakla noong panahon ng diktadura ni Marcos. Batay sa isa sa mga suri ni Remoto sa pelikula, "Ang bading na karakter lamang ang nakakakita sa kabaliwan ng Maynila. Siya lamang, ang ating bonggang kapatid, ang may regalo ng malinaw na isip sa gitna ng dilim na bumabalot sa lungsod at sa buong bayan"[46].

Sa "Mga Bulaklak kay Bernal" mula sa parehong aklat, binanggit niyang muli ang direktor na si Ishmael na naging tanyag sa industriya ng pelikula[47]. Sa ganitong paraan ng pagsulat ni Remoto, inilalahad niya ang mga ambag ng bakla sa iba't ibang industriya at institusyon. Maaaring ituring ito bilang anyo ng pag-angat ng bakla sa pagbibigay-diin nito sa kanilang mga kontribusyon sa pag-unlad ng lipunan, hindi lamang para sa kanilang komunidad ngunit pati na rin sa ibang disiplina tulad ng sining.

Tampok pa sa kanyang akdang *"Bright, Catholic – and Gay"* si Raymond 'Bong' Alikpala, isang matagumpay na baklang intelektuwal, manunulat at abogado na nanguna sa pagtagtag ng NGO para sa pagsusulong ng adbokasiya ng LGBT[48]. Isa sa mga estratehiyang nakita ay ang pagtatampok ng manunulat sa mga bakla bilang intelektuwal, aktibo at malay.

Sa kanyang pagbibigay puwang sa mga baklang manunulat sa kanyang mga akda ay maaaring isa sa mga indikasyon na nais mapatunayan ni Remoto na maraming kakayahan ang mga bakla. Nakabubuo rin sila ng malikhain at natatanging panitikan. Sa akdang "Gay Readings" ni Remoto sa aklat niyang *Bright, Catholic and – Gay*, ipinakilala niya ang ilan sa mga Pilipino at dayuhang baklang manunulat kasama ang kani-kanila obra sa larang ng panitikan. Isa na rito si Ronald Baytan ng De La Salle University, na gumawa na rin ng tesis tungkol kay Remoto, sa kanyang akda *The Queen Sings the Blues* na mayroon din temang pambakla. Si Louie Cano sa kanyang akdang *Pink Brusko, Baklese: Pinoy Pop Queer Dictionary, Baklese 2* at *Masculadolls;* Si Tim Dolby sa akda niyang *The Trouble Boy* at ang akda ni Michael Thomas Ford na *Tangled Sheets: Tales of*

46 Danton Remoto, "Manila by Night," sa *Rampa: Mga Sanaysay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 29–30.

47 Danton Remoto, "Mga Bulaklak kay Bernal" sa *Rampa: Mga Sanaysay*. (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008) 31–39.

48 Danton Remoto, "Bright, Catholic – and Gay," in *Bright, Catholic – and Gay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 21.

*Erotica*[49]. Ang lahat ng mga nabanggit na akda ay mga panitikang pambakla na naglalaman ng makukulay na danas at kulturang bakla.

Binigyang pugay rin ni Remoto ang ilang panulat ng baklang manunulat na si Nestor de Guzman sa sanaysay niyang "From Solitude to Solidarity" sa *Bright, Catholic and – Gay*. Ilan sa kanyang sinuri ang mga piling tula ng nasabing manunulat sa aklat niyang Galing Cine Café na kalipunan ng mga tula kung saan ipinangalan ang nasabing libro sa isang gay bar[50].

Sa "Mermaids of Memory", binahagi ni Remoto ang ilang kritik sa mga akda ni John Iremil Teodoro na kasalukuyang propesor sa De La Salle University. Inilahad niya ang kanyang paghanga sa husay at kakaibang estilo ng manunulat sa paghahayag ng mga danas ng bakla sa kanyang panitikan. Sinabi pa niya na ang kalipunan ng mga akda ni Teodoro na "*Anghel sa Capiz"* ang kauna-unahang koleksyon ng pambakla na piksyon sa Hiligaynon sa Pilipinas[51].

Nailahad pa sa sanaysay na "Naiibang Pag-ibig" ang pagiging kasapi niya ng organisasyong Katlo. Ang mga miyembro ng nasabing pangkat ay kinabibilangan ng mga psychologists, nurses, advertising at mga taga-midya[52]. Bukod sa larang ng sining, makikita rin ang bakla sa iba pang disiplina tulad ng agham, kalusugan, at midya.

Sa mga talumpati na kanyang binigkas sa mga panlipunang pagtitipon tulad ng "Ang mga Baklang Wala Rito" at "Narito na Kami", inilahad ni Remoto ang aktibong pakikilahok ng mga bakla na makapagsagawa ng mga pagkilos sa mga malawakang pagtitipon na adhikaing batikusin at mawakasan ang diskriminasyon at homopobikong kamalayan[53]. Masasaksihan dito ang patuloy na pakikibaka ng manunulat sa mga negatibong dulot ng homopobya tulad ng espasyo, karapatan, at identidad ng mga bakla na hindi na lamang mga tao sa parlor o entertainment reporters na inyong pinagtatawanan. Sinabi pa niya na 'kami ay mga guro, pari, atleta, pulis, sundalo, empleyado sa gobyerno, doktor, dentist, drayber sa bus, magsasaka, mangingisda, maglalako sa palengke,

49 Danton Remoto, "Gay Readings," in *Bright, Catholic – and Gay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 26–27.

50 Danton Remoto, "From Solitude to Solidarity," in *Bright, Catholic–and Gay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 22.

51 Danton Remoto, "Mermaids of Memory," in *Bright*, *Catholic–and Gay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 70.

52 Danton Remoto, "Naiibang Pag-ibig," sa *Buhay Bading* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 2.

53 Danton Remoto, "Ang mga Baklang Wala Rito" at "Narito na Kami" sa *Rampa: Mga Sanaysay*. (Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 2008).

manager, accountant, auditor…'[54]. Ang ganitong pagtatampok ni Remoto sa papel at kakayahan ng mga bakla ay nagsisilbing paraan niya upang balikwasin ang homopobya at maitanghal ang mahahalaga at natatanging gampanin ng mga bakla sa lipunan.

## Rekonseptwalisasyon sa Identidad ng mga Bakla

Ang huling kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto ay rekonseptwalisasyon ng identidad ng bakla. Sinuri sa bahaging ito kung paano ginamit ang estratehiya ng rekonseptwalisasyon upang likhaing muli ang imahen ng bakla mula sa ibang lente upang makapaghandog ng panibagong pananaw hinggil sa kanilang identidad at karanasan.

Itinanghal ni Remoto ang makataong trato sa mga bakla bilang mga intelektuwal, mayroong politikal na kamalayan, at may kultural na identidad at hindi palagiang tinitingnan bilang espektakulo ng katatawanan at kahalayan. Nakita rin dito ang pagtampok niya sa kakayahan at tungkulin ng mga bakla bilang paraan niya ng pagrekonstrak sa kanilang identidad. Isa na rito ang aktibong pakikiisa at pakikilahok ng mga bakla sa pagsugpo ng mga sosyo-politikal na isyu sa bansa bilang bahagi ng pagbabanyuhay sa pagkatao ng mga bakla. Sapagkat, makikita naman talaga ang mga bakla sa iba't ibang larangan – sa sports, sa politika, sa pamantasan, sa simbahan, at syempre, sa mga pulis at militar[55].

Isa pa sa mga estilo ng pagrekonstrak ni Remoto ay ang paglalarawan sa mga bakla bilang *breadwinner* ng pamilya. Sa sanaysay niyang "We are Family" sa aklat na *Bright, Catholic and – Gay*, maraming bakla ang nagtataguyod sa kanilang mga pamilya[56]. Nabanggit din niya ang kanyang pag-ampon sa kanyang pamangkin at tumanggap ng responsibilidad bilang magulang. Patunay ito ng pagpapamalas ng kakayahan ng mga bakla na maging haligi at sandigan ng pamilya.

Sa dulang *The Last Show* sa sanaysay na "Uhaw sa Pagmamahal", inilarawan niya ang kapangyarihan ng mga bakla na umibig at ibigin tulad ng mga 'normal na heterosekswal.' Mariin pa niyang sinabi na hindi abnormal ang mga bakla, na isa sa madalas na ginagamit sa paglalarawan sa mga bading ng mga homopobiko sa midya. Dinugtungan niya pa ito ng pahayag na hindi sila "malas" tulad ng salitang ginamit ng isang mayor sa Mindanao nang mayroong

54 Remoto, "Narito na Kami," 61–62.

55 Remoto, "Baklang Pulis," 45.

56 Danton Remoto, "We are Family," in *Bright, Catholic – and Gay* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004).

dumaang ipu-ipo sa kanilang bayan habang rumarampa ang mga bading sa isang beaucon[57]. Makikita rin dito ang pagtaliwas at pagkondena ng manunulat sa mga ganitong uri ng label sa mga bakla bilang pagsang-ayon na rin sa nilalaman ng pelikula.

Sa "Romansa at Rebolusyon", ipininta ni Remoto ang bakla bilang indibidwal na mahalagang bahagi ng kolektibong kilusan. Pinapalawak nito ang tradisyunal na imahen ng mga bakla na mahina at pasibo bagkus may paninindigan at aktibong nakikilahok sa mga panlipunan at politikal na isyu at gawain.  Kaya, kabalintunaan din na ang pagiging bakla ay sakit at malas. Sapagkat matalino ang mga bading, ika nga ni Remoto[58], na makatutulong sa pagbabago ng lipunan. Kaugnay din nito ang sinabi niya na "Isang araw maaari na rin siguro tayong tumakbo sa eleksyon bilang mga konsehal, alkalde, kongresman, senador o maging presidente na lesbyana't bading at nasa labas ng kloseta"[59] na indikasyon ng estratehiya ng manunulat sa rekonseptwalisasyon ng identidad ng bakla.

Binigyang-pansin pa ni Remoto ang aktibong pakikilahok ng mga bakla sa mga politikal na protesta at gawain na nabanggit niya sa "Narito na Kami" mula sa *Rampa.* Ang pagsuporta ng mga bakla sa protesta ay pakikiisa sa kolektibong laban ng masa sa pagbangga sa mapaniil na gobyerno. Ipinakita rin dito ang pagsulong nila sa House Bill 9095 na layong wakasan ang diskriminasyon laban sa mga lesbyana't bakla, bisexual, at transgender na Pilipino. Ipinaliwanag pa niya na magdudulot ito ng kalayaan sa mga bakla sa trabaho at maging promosyon[60]. Ang ganitong pagtatanghal ni Remoto sa mga bakla bilang malay at aktibo ay pahiwatig ng kanyang paraan upang mabago ang pananaw ng lipunan sa kanilang identidad.

Mapanuring tinuligsa ni Remoto ang negatibong imahen ng bakla dulot ng homopobya. Kasabay nito ang estilo niya na muling paghubog sa identidad ng mga bakla bilang mahalagang bahagi ng lipunan at may natatanging kakayahan. Mula sa pagbalikwas sa mga tradisyonal na imahen ng bakla bilang atraksyon ng katatawanan, naipamalas ni Remoto sa kanyang panitikan ang rekonseptwalisasyon bilang transpormatibong estratehiya na sumasalungat sa homopobikong kamalayan.

57 Remoto, "Uhaw sa Pagmamahal," 19.

58 Danton Remoto, "Romansa at Rebolusyon," sa *Buhay Bading* (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004) 107.

59 Ibid., 26

60 Remoto, "Narito na Kami."

## KONGKLUSYON

Masasabing tuwirang repleksyon ng kalagayan ng homosekswal sa Pilipinas ang mga salaysay ni Remoto. Natugunan ang layon ng papel na suriin ang kanyang piling akda bilang kontra-diskurso laban sa homopobikong kamalayan sa lipunang Pilipino na nakatutulong sa rekonstruksyon ng identidad ng mga bakla. Naipakita ito sa pamamagitan ng apat na natukoy na kontra-diskursibong estratehiya na kanyang ginamit upang patunayan ang gampanin ng panitikang bakla bilang makapangyarihang instrumento sa paglaban sa homopobikong kamalayan sa bansa.

Maituturing na ginagamit ang panitikang pambakla bilang propaganda na naglalayong tibagin ang hegemonya sa sekswalidad at makapagbuwag sa heterosentrikong pananaw ng ilang sektor ng lipunan. Gayundin, makatutulong ito upang matamo ang pantay ng karapatan at mabago ang negatibong representasyon ng kanilang kaakuhan bilang ganap na bahagi ng lipunan.

Buhat sa pagsusuri ng sosyo-politikal na praksis at intelektuwal na buhay ni Remoto, naging daluyan ito upang humantong sa pagbibigay interpretasyon sa kanyang mga piling teksto bilang kontra-diskurso laban sa umiiral na homopobya sa bansa na siyang adbokasiya ng manunulat. Sa mga kontra-diskursibong estratehiya ni Remoto, lumitaw ang pagbibigay-diin sa kung paano niya isinalaysay ang samut saring danas ng mga bakla sa patriyarkal na lipunan upang hamunin at mailantad ang aktwal na pag-iral ng homopobikong pananaw sa bansa.

Makikita rin kung paano inilahad ni Remoto ang pagsulong sa humanisasyon ng mga bakla na may karapatan at nasasakop ng batas. Gayun din ang pagbibigay-diin at pagtatampok ng manunulat sa kanilang mahalagang panlipunan at politikal na gampanin sa iba't ibang industriya. Panghuli, ang estratehiya ni Remoto na rekonseptwalisasyon ng identidad ng bakla upang makapaghandog ng bago at mapagpalayang pananaw at pagkilala sa mga bakla. Malinaw na indikasyon ang mga ito ng kanyang estratehiya upang kontrahin at hamunin ang mapaniil na heteresentrikong kamalayan sa patriyarkal na lipunang Pilipino. Samakatuwid, matagumpay na nailantad ni Remoto sa kanyang panulat ang kontra-diskurso laban sa mapaniil na heterosentrikong sistemang nagluwal sa homopobya. Kasabay nito, isiniwalat ng kanyang mga akda ang gampanin nito bilang mga mapagpalayang teksto na naglalaman ng matapang na pagkondena sa mga isyu ng sekswalidad, habang itinatampok at hinihirang ang mga natatanging katangiang taglay ng mga bakla.

Mahalaga rin ang kontribusyon ng papel na ito sa lumalawak na diskurso ng panitikang bakla sa larangan ng araling pangkultura, araling queer at, sa Araling Filipino. Gayunpaman, kinikilala rin ang limitasyon ng papel na nakatuon

lamang sa mga piling sanaysay. Kaugnay nito, iminumungkahi sa mga susunod na pag-aaral na isangkot din ang iba pang akda ni Remoto tulad ng kanyang mga tula, nobela, at ibang sanaysay na hindi naisama sa pagsusuri. Sa kabuuan, ang mga natukoy na kontra-diskursibong estratehiya at pananaw ni Remoto laban sa homopobya ay maituturing na progresibong pag-unlad ng diskurso ng panitikang bakla, gayundin sa humanisasyon at rekonseptwalisasyon ng muling paghubog sa imahen ng mga bakla sa kontemporaryong panitikan.

## BIBLIOGRAPIYA


Baytan, Ronald. *Desire and Dissidence: Homosexuality and Four Filipino Poets*. Master's thesis, De La Salle University, 1996.

Cabalfin Jr., Edson Roy. "Mala-baklang Espasyo sa Arkitekturang Filipino: Estetika, Morpolohiya, Konteksto." In *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, edited by Eugene Y. Evasco et al. Quezon City: University of the Philippines Press, 2003.

Cixous, Hélène. "The Laugh of the Medusa." *Signs* 1, no. 4 (1976): 875–893. https://doi.org/10.1086/493306.

Demeterio, Feorillo A. III. "Ang Nobelang 'Si Amapola sa 65 na Kabanata' ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manileño Laban sa Homopobikong Kamalayang Pilipino." *Malay* 25, no. 2 (2013): 75–92.

Evasco, Eugene Y. "Pagkaligalig ng Musa sa Paglaladlad ng Kapa: Giya sa Pag-aligwas sa Panulaan ng Bakla sa Filipino." In *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, edited by Eugene Y. Evasco et al. Quezon City: University of the Philippines Press, 2003.

Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: Seabury Press, 1970.

Garcia, J. Neil C. *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM*. 2nd ed. Quezon City: University of the Philippines Press, 2008.

Garcia, J. Neil C., and Danton Remoto, eds. *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1994.

———, eds. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1996.

———, eds. *Ladlad 3: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2007.

Gidalanga, Marielle C. *Baklang Intelektuwal: Pagdalumat sa Buhay, Praksis at Teksto ni Danton Remoto*. Master's thesis, De La Salle University, 2019.

Manalansan, Martin F. IV. *Global Divas: Philippine Edition: Filipino Gay Men in the Diaspora*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006.

Remoto, Danton. *Buhay Bading*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2004.

———. *Bright, Catholic—and Gay*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2011.

———. *Rampa: Mga Sanaysay*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2008.

Rodriguez, Rommel. "Lampas sa Pita ng Laman: Mga Imahe at Talinhaga tungo sa Kamalayan at Kritisismong Bakla." In *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika*, edited by Eugene Y. Evasco et al. Quezon City: University of the Philippines Press, 2003.

Quintos, Jay Jomar F. "Sulyap sa Karanasan ng mga Asog: Isang Historikal na Pag-aaral sa Karanasang Homosekswal sa Pilipinas." *Plaridel* 9, no. 2 (2012).

Sanidad, Pablito V., Sr. *Liberation from Philippine Legal Homophobia and Compulsory Heterosexuality? (From Foucault to Obergefell and Beyond)*. Quezon City: Central Book Supply Inc., 2016.

Sarce, John Paolo. "Ang Queer Literacy Framework: Isang Pagsusuri sa Pagtuturo ng Panitikang Pambata Gamit ang 'Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin' at 'Ang Ikaklit sa Aming Hardin.'" *Malay* 34 (2022): 52–68.

Sedgwick, Eve Kosofsky. *Epistemology of the Closet*. Updated with a new preface. Berkeley: University of California Press, 2024.

Toledo, John Leimar. "Manong, hindi lang kami puro titi': Ilang Tala sa mga Mananaysay Tungkol sa Karanasang Bakla sa Panitikang Filipino at Ingles." *Diliman Gender Review* (2019): 104–130.

## ABOUT THE AUTHOR

Marielle C. Gidalanga is a full-time Assistant Professor at Far Eastern University- Manila. She holds a bachelor's degree in Secondary Education, major in Filipino, from the Philippine Normal University-Manila and a master's degree in Philippine Studies (Language, Media, and Culture) from De La Salle University-Manila, where she is currently pursuing her doctorate degree in Philippine Studies. Her research interests include gay studies, language, culture, and Indigenous Peoples.